# Damit

Nag-iisip kung gaano karaming mga damit o kumot ang kailangan ng iyong sanggol? Sa karamihan ng mga kaso, bihisan siya tulad ng pagbibihis mo sa iyong sarili. Pagkatapos tingnan kung nakapansin ka ng anumang mga palatandaan na hindi siya komportable.

Kung siya ay masyadong naiinitan, maaari siyang antukin, pagpawisan o magkaroon ng pantal. Kung siya ay masyadong nalalamigan, malamang na siya ay maligalig.

Tandaan na ang mga sanggol ay nawawalan ng maraming init sa kanilang ulo. Sa malamig na panahon, bigyan siya ng isang sombrero. Sa mainit na panahon, gumamit ng isang may malapad na brim na sombrero na nag-iiwas sa kanya ng araw. Kapag ikaw ay nasa looban, ang sombrero ay hindi kailangan.

**PANGANIB**

Ang sobrang pag-iinit ay naglalagay sa iyong sanggol sa mas mataas na panganib ng Nauugnay sa Pagtulog na Pagkamatay ng Sanggol (tingnan ang Pagtulog).

**ALAM MO BA**

Ang malamig na mga kamay at mga paa ay hindi kinakailangang mangahulugan na giniginaw ang iyong sanggol. Sa halip ay suriin ang kanyang itaas na braso at mga hita. Kung nagtataka ka kung siya ay masyadong naiinitan, suriin kung ang likod ng kanyang leeg ay pinapawisan.

